

**MALAMAN
TUNGKOL SA IYONG MGA
KARAPATAN**

ACLU Nevada

MGA KARAPATAN NG MGA NAGPROTESTA

Ang paggamit ng iyong karapatan sa malayang pananalita at asembleya ay malinaw na pinoprotektahan sa ilalim ng Unang Pagsususog o First Amendment. Gayunpaman, sa malawakang protesta maaaring magkaroon ng hindi kanais-nais na pakikipag-ugnayan sa pulisya, mga pag-aresto – at kahit pa ang karahasan. Kung magpupunta ka sa protesta, narito ang kailangan mong Malaman Tungkol Sa Iyong mga Karapatan.

SAAN AKO MAAARING MAGPROTESTA?

Ang mga pisikal na protesta ay hindi lamang anyo ng protesta na magagamit, kundi ang mga karaniwan at pisikal na pagtitipong ito upang labanan ang pamahalaan ay ang pinakalumang tradisyong Amerikano.

Ang mga pisikal na protesta ay maaaring isagawa sa pampublikong ari-arian katulad ng kalsada, bangketa, plaza, o parke. Ang mga lugar na ito ay tinatawag na tradisyonal na pampublikong forum at nagbibigay ng pinakamataas na proteksiyong 1A.

Ang mga pisikal na protesta ay maaari ding isagawa sa loob ng mga gusali ng pamahalaan. Ang pamahalaan ay maaaring gumawa ng mas maraming tuntunin na naglilimita sa mga pagprotestang ito, pero dapat ilapat ang mga ito sa lahat. At hindi maaaring puntiryahin ng pamahalaan ang isang espesipikong grupo na nagpoprotesta gamit ang espesyal na mga tuntunin o limitasyon.

Ang ilan sa mga protesta ay nangangailangan ng permit, subalit isasagawa lamang ito kung ang protesta ay lumalampas sa mga bangketa/humaharang sa mga kalye, ay malaking rally na gumagamit ng malalakas na tunog, o lampas sa mga limitasyon sa laki ng mga pampublikong parke o hukuman. Hindi maaaring tanggihan ng pamahalaan ang anumang pahintulot dahil lamang sa nilalaman ng protesta.



Ang iyong karapatan sa Unang Pagsususog o First Amendment sa residensiyal na mga kapitbahayan ay mas limitado. Ang pagpuntirya ng partikular na tirahan, halimbawa, ay maaaring lumabag sa konstitusyonal na naaangkop na mga batas katulad ng mga ordinansa sa ingay.

Ang mga may-ari ng pribadong property ay maaaring magtakda ng mga alituntunin sa pananalita, pagkuha ng litrato, o pagkuha ng video sa kanilang ari-arian, na ginagawang mahirap ang pagprotesta sa pribadong property.

ANONG MGA PAMAMARAAN NG PROTESTA ANG LEGAL?

Hindi makatarungang gawing ilegal ang protesta. Dahil diyan, pinahintulutan ang pagpapatupad ng ilang limitasyon sa pagprotesta. Ang isang limitasyon ay ang lugar ng protesta. Maaaring itigil ang isang protesta kapag may malinaw at kasalukuyang

panganib ng gulo, kawalang-kaayusan, pagdudulot ng sagabal sa trapiko, o iba pang agarang banta sa kaligtasan ng publiko.

KAILAN MAAARING SAPILITANG BUWAGIN ANG ISANG PROTESTA?

Maaari lamang kailanganin ng pulis na buwagin ang isang protesta bilang huling pamamaraan. Kapag pilit na ibinubuwag ang isang protesta, kilala ang pulisya na nananakit sa pamamagitan ng pisikal na pamumuwersa, mga rubber bullet, bean bag rounds, mga buhay na bala, taser, tear gas, at/o pepper spray. Inaasahang gagamit lamang ang pulisya ng puwersa para buwagin ang isang protesta bilang ganap na panghuling pamamaraan kung mayroong nakaambang panganib.

MAAARI BA AKONG MAG-RECORD NG VIDEO O KUMUHA NG MGA LITRATO SA ISANG PROTESTA?

Ganap na legal ang pagre-record o pagkuha ng litrato ng kahit ano na madaling makita mula sa isang pampublikong lugar. Kabilang dito ang pag-record ng mga interaksyon sa tagapagpatupad ng batas at mga kontra sa nagpoprotesta. Hindi maaaring kunin ng mga pulis o ipag-utos na tingnan ang iyong telepono o ibang device, kabilang ang mga litrato o video, nang walang warrant.



LIGTAS BA ANG PAGPOPOTESTA?

Ang pagpoprotesta ay isang pisikal at pampublikong anyo ng sibikong pakikipag-ugnayan. Ginagamit mo ang iyong katawan upang makaagaw ng pansin sa isang isyu o adhikain. Habang ang karamihan ng mga protesta ay mapayapa, may mga insidente ng karahasan ng pamahalaan o di kaya'y sa mga protesta. Kung sa tingin mo ay magiging mapanganib ang isang protesta o kung nagdeklara ng kautusan sa pagbuwag, maaari mong piliing umalis.

PAANO KONG IKULONG AKO O ARESTUHING HABANG NAGPOPOTESTA?

Subukang manatiling kalmado. Tanungin ang opisyal kung puwede ka nang umalis. Kung hindi, maaari mong hilingin ang iyong Fifth Amendment o ang karapatang manahimik hanggang sa dumating ang iyong abogado. Tiyaking may paninindigan at malinaw na sinasabi ang “Hinihiling ko ang aking karapatan sa fifth amendment upang manatiling tahimik at hindi ako magsasalita hangga’t wala ang aking abogado.” Hindi mo kailangang sumang-ayon sa paghahaluhog ng iyong mga kagamitan, pero maaaring gawin ng opisyal ang “pagkapkap” kung sa tingin nila ay mayroon kang armas o nakagawa ng isang krimen. Palaging mas makabubuti na tumanggi sa paghahaluhog kung posible, katulad ng pinakamainam na manatiling tahimik. Kung nakakulong ka, kailangan mong ipakilala ang iyong sarili. Maaaring tanggihan ang ibang mga kahilingan, subalit sundin ang lahat ng naaayon sa batas na mga kautusan. Maaaring mahirap matukoy kung ano ang kahilingan at ano ang kautusan mula sa isang opisyal.

PAANO KONG IKULONG AKO O ARESTUHING HABANG NAGPOPOTESTA?

Sa buong bansa ang pamahalaan ay nagpapatupad ng paggamit ng teknolohiya upang subaybayan at kontrolin ang mga protesta. Kabilang dito ang paggamit ng teknolohiyang stingray upang harangan

ang data na ipinapadala sa pamamagitan ng telepono. Nililinlang ng teknolohiyang ito ang iyong telepono sa pamamagitan ng pagkonekta dito na para itong isang cell phone tower o wifi hotspot at nire-record ang lahat ng data na iyong ipinapadala. Ang pamahalaan ay kilala rin sa paggamit ng mga cell phone jammer sa oras ng protesta na pumipigil sa kakayahan ng mga telepono na makipagkomunika sa ibang mga device.

KUNG SA TINGIN MO AY NALABAG

ANG IYONG MGA KARAPATAN:

- Kung kaya mo, itala ang mga nangyari. Subukang isama ang tsapa ng mga opisyal at numero ng patrol car at ahensiya kung saan sila nagtatrabaho.
- Kunin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga testigo.
- Kumuha ng video/mga litrato ng mga pangyayari kung ligtas gawin iyon.
- Kumuha ng mga litrato ng anumang mga pinsala at, kung kinakailangan, humingi ng medikal na tulong.

Maaari kang makahanap ng higit pang mga gabay sa Kilalanin ang Iyong mga Karapatan, humiling ng pagsasanay, at higit pa sa aclunv.org.